# 1

Hindi makapaniwala si Ginny na ang sariling repleksyon ang nakikita sa salamin. Kakaibang transformation ang ginawa sa kanya ng mga beauty experts na binayaran ng mommy niya para pagmukhain siyang prinsesa sa kanyang debut party. Malayo iyon sa nakasanayang boyish get-up na karaniwang pants, shirt at pony-tailed hair. Pasadung-pasado nga raw ang height niyang 5'7" at ang slim figure na pang-modelo ayon sa bading na nag-makeup sa kanya.

Nagustuhan nga niya ang pagkakalagay ng eye shadow dahil medyo lumaki ang singkit niyang mga mata. Sa mansion nila sa *Forbes Park* gaganapin ang pagdiriwang. Ang pink gown na likha ni Rajo Laurel ang una niyang isinuot. Magpapalit siya mayamaya pagkatapos ng cotillion ng isang semi-formal red gown na siya mismo ang nagdisenyo.

Ang mommy niya ang nag-asikaso ng preparasyon ng party, katulong ang isang events coordinator. Siguradong matutuwa ito kapag nakita ang ayos niya. Pero ang pinakahihintay niya ay ang pagtanggap ng pinakamimithing brand new car na

hiniling niyang regalo sa mga magulang. Kanina nga lang niya natapos ang driving lessons at nakuha na rin niya ang kanyang student license.

Isa pang nagpapa-excite sa kanya ay ang escort na si Harold. Mabuti na lang at pumayag ito kahit short notice ang imbitasyon niya. Nagpatumpik-tumpik pa kasi siyang imbitahin ang crush sa Sociology class sa *Ateneo* sa takot na tanggihan siya nito.

Nakarinig siya ng mahinang katok sa pinto ng silid niya. Mayamaya ay bumukas iyon at pumasok si Mrs. Belinda Chan, ang mommy niya. Hinintay niya ang paglapit nito para marinig ang inaasahang komento sa bagong hitsura niya. Pero hindi ito agad lumapit. Sa pagkainip ay nilingon na niya ito at hindi niya inaasahang makikita itong umiiyak habang matamang nakatitig  sa kanya.

Siya na ang lumapit. "Mommy, stop crying. Masisira ang makeup mo."

"I can't help it," sumisigok na sabi nito. "You're really a grown-up. Parang kailan lang, ipinaghehele pa kita. Look at you now!" Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. "Baka sandali na lang at k'unin ka na sa akin ng *Prince Charming* mo."

Niyakap ni Ginny ang ina nang mahigpit. "Mommy naman, huwag ka nang umiyak, baka maiyak din ako. Please." Pinahid niya ang luhang nalaglag sa mga pisngi ng ina.

"Pasensya ka na, anak. Masayang-masaya lang ako." Pinilit nitong magpakawala ng ngiti.

Noon niya napansing may bitbit pala itong paperbag. "My, iyan na ba ang birthday gift n'yo sa akin ni Daddy? Ang laki naman ng balot! Puwede namang maliit na kahon lang."

"Oo nga pala. Dito tayo." Naupo sila sa gilid ng kama. "Anak, nasa hustong edad ka na. Alam ko na kaya mo nang magdala ng responsibilidad."

"Of course, 'My, I will be cautious para walang aksidente. Mag-iingat akong talaga." Nae-excite na siya, mukhang kotse talaga ang regalo sa kanya ng mga magulang.

"Dapat lang dahil malaking kayamanan ito para sa atin."

"Really, Mom! Malaki ang ginastos mo para sa gift ko?" Hindi na tuloy siya makahintay na imaneho ang minimithing kotse. Ano kayang model ang binili ng mga ito? *Ford*, *Jaguar* o *Mercedes*? Niyakap niyang muli ang ina.

“Promise me that you won’t break it.”

“I promise, my dear mother. Kung gusto po ninyo, ipapa-insure ko pa,” aniya nang kumawala sa pagkakayakap.

Napakunot-noo si Mrs. Chan. “Talaga! Puwede nang magpa-insure ng ganito?”

“Mommy, lahat ng sasakyan natin may insurance. Di puwede rin ito?”

“Ha?” anyong nalilito ang mukha nito.

“Akin na nga iyan, ’My, at nang mabuksan na.” Kinuha niya ang paperbag sa kamay nito. Excited niyang tinanggal ang pulang ribbon na nagseselyo sa dalawang bahagi ng bag.

“Dahan-dahan naman, anak,” paalala nito.

Nang ipasok ni Ginny ang kamay sa loob ng paperbag, bigla siyang natigilan at kinabahan. *Oh, my gosh! This couldn’t be?*

Sa hawak pa lang ay nagkaideya na siya kung ano ang laman noon. Hanggang sa tumambad sa harapan niya ang regalo.

“Nagustuhan mo ba, anak?” nakangiting sabi nito.

"Mommy, ito na ba iyon?" Sinilip pa niya ang loob ng paperbag sa pagbabaka-sakaling may naiwan pa roon. Hindi pa siya nakontento sa pagsilip, ipinagpag pa niya ang paperbag sa kama.

"Ano pa ba ang hinahanap mo? Iyan na ang birthday gift ko. Iyan ang magbibigay ng suwerte sa iyo."

Nalukot ang mukha ni Ginny sa sobrang pagkadismaya. "Mommy naman, hanggang ngayon ba ay naniniwala pa po kayo sa alamat ng heirloom bowl na ito?"

"Huwag ka ngang magsalita nang ganyan. Iyan ang lucky charm ng pamilya natin. Mula nang ipamana ng lola mo sa akin ang bowl na ito ay nagkasunud-sunod na ang ating suwerte."

"Hindi naman totoo iyan, 'My. Matalino ka at mahusay magpatakbo ng negosyo si Daddy kaya naabot natin ang estadong ito sa lipunan. Kasipagan at abilidad ang susi sa yaman natin at hindi isang mangkok. Sa panahon ngayon na moderno na, you can do everything in just one click."

Kinuha ng ina ang bowl at hinimas iyon. "Ayaw mo ba nito? Maraming kamag-anak natin ang may interes sa bowl na ito? Binibili nga ito ng Tita

Maggie mo sa halagang limang milyon, pero hindi ko ibinenta dahil dapat within first degree family ito mag-circulate."

"Mom, 5M is 5M. Malaking halaga iyon."

"Nangako ako sa lola mo na hinding-hindi ko ito ibebenta. Sana ganoon din ang maging panuntunan mo. Malaki ang hirap ni Master Chen bago niya nailabas sa kuweba ng Yong Chi ang mangkok na iyan. Sa halip na ginto ang kuhanin niya ay mas pinili niyang dalhin ito bago pa man tuluyang nagsara ang kuwebang iyon. Pagbalik nga niya sa China ay ibinigay niya ito kay Limu Shao na ninuno natin."

"Mom, alam ko na iyon. Paano naman iyong kotse na gusto ko?"

"Your dad will give it to you in due time. Pero hindi pa ngayon. Kailangang patunayan mo muna na responsible ka. You can start by taking good care of this." Inilagay nito sa kamay niya ang bowl.

"But Mom...."

"Tama na iyang pagpoprotesta dahil lumulukot ang mukha mo. Ang ganda-ganda mo pa naman. Wait, I forgot your accessories." Sandali itong lumabas ng silid.

Naiwan siyang nakatitig sa bowl. Iniangat niya iyon at ineksamin. Ngayon lang niya nahawakan iyon kahit matagal na itong nasa pag-iingat ng mommy niya. Off limits iyon sa kanya. Binali-baligtad niya ang kulay abuhing bowl. Napakaordinaryo naman ng hitsura nito. Kung itatabi ito sa mga porcelains na mabibili sa mall o antique shop baka kahit on sale ay hindi ito mabenta. May maliit na butas pa siyang napansin sa gilid.

"Ano ba iyan? Kahit lagyan ko ito ng sinigang hindi puwede. Siguradong tutulo ang sabaw." Ibinalik na lang niya ito sa paperbag at iniwan sa isang tabi.

Eksaktong bumalik naman ang ina. "Isuot mo ito, anak," tukoy nito sa mga alahas na dala. Nang maikabit nito ang kuwintas, hikaw at bracelet ay niyaya na siya nitong bumaba sa party venue. Magkahawak-kamay nilang binagtas ang hagdanan hanggang sa marating nila ang hardin. Bawat makasalubong ay napapa-second look sa kanya. Parang hindi makapaniwala ang mga ito na ang uhugin at iyaking si Ginny ay dalaga na.

Punumpuno ng mga bisita ang garden nang marating nila. Halos lahat ng kanilang kamag-anak at kaibigang naimbitahan ay naroon. Except for her

escort na hindi pa niya namamataan. Magsisimula na ang cotillion dance at dapat ay naroon na si Harold. Iyon ang opening number sa party. Kompleto na ang lahat ng participants na nakita niyang naka-line up na sa opening position nila, pero siya ay wala pang kapareha.

"Jasmin, dumating na ba si Harold?" tanong ni Ginny sa Chinese mestiza ring best friend nang lapitan niya ito sa hanay ng mga kasali sa cotillion. Nakasuot ito ng kulay apple green na gown.

"Hindi ko pa nga siya nakikita. Paano na iyan kung hindi siya dumating? Masisira ang formation," nag-aalalang sabi nito.

Napasimangot siya. "'Kainis ka naman. Mas inintindi mo pa ang formation kaysa sa akin na walang escort. D'yan ka na nga," asik niya sabay walk out.

"Sandali lang, Ginny," pahabol na tawag nito.

Hindi na niya ito pinansin. Aburidong-aburido na siya sa mga spoilers ng party niya. Nakita niya si Kylie, ang hired events organizer ng debut party. Abala ito sa pagmo-monitor ng mga pagkain sa buffet table. Nilapitan niya ito.

"Miss Kylie." Napahinto ito sa pag-i-inspection

na ginagawa nang tawagin niya.

"Ginny. You're so pretty!"

"Thank you, Miss Kylie. May problema ako," walang ligoy na sabi niya.

"Ano iyon?" kalmadong tanong nito na para bang kaya nitong bigyan ng solusyon ang problema niya.

"Iyong escort ko, hindi pa dumarating," natatarantang sabi niya.

"What!" Napadilat ito. "Oh, no! Magsisimula na ang cotillion in five minutes."

"Puwede ba nating hintayin si Harold?"

Bahagyang ngumiwi ito. "I don't think na mahihintay pa natin siya. Your father talked to me earlier and sinabi niyang dapat mas agahan ang simula ng party. Hindi daw puwedeng magtagal si Vice President. Gusto ng daddy mo na makita ni Vice ang presentation mo sa society."

"Gan'on? Hindi naman ang bise presidente ng Pilipinas ang dahilan ng party ko. Birthday ko ito at ako dapat ang masusunod," nakalabing aniya.

"Pero, Ginny, mahigpit na ipinagbilin iyon ni

Mr. Chan at ako naman ang malalagot kapag hindi ko siya sinunod. I'm sorry talaga." Hinawakan nito ang kamay niya.

"Magmumukhang tanga naman ako kung mag-isa lang akong sasayaw doon," himutok ni Ginny.

Nag-isip ito sandali. "Ganito iyon, it's either one of your friends will not dance so you can get her partner or you will not join the cotillion. Pumasok ka na lang kapag tinawag ka ng emcee without an escort."

Biglang sumakit ang ulo niya sa konsumisyon. Feeling niya ay natuwid ang mga kulot na buhok na isi-net kanina ng hairdresser. "Ang tagal kong nag-practice tapos hindi ako makakasali?"

"Mamili ka na lang kung sino sa mga kaibigan at pinsan mo ang tatanggalan natin ng partner. I'm sure papayag iyon. Ipapaliwanag kong mabuti sa kanya tutal birthday mo naman."

Natahimik siyang bigla. Pinagmasdan niya ang mga kasali sa sayaw na nakahanda na sa kanilang mga puwesto. Si Jasmin na lang kaya? Siguradong pagbibigyan siya nito na maka-partner si Dennis. Pero parehong kaliwa ang paa ng huli at ito ang pinakamahirap turuan sa mga boys. Baka

magkaapakan pa sila. Iyon na lang kayang partner ni Elaine? Guwapo. Pero si Harold lang ang gusto niya. *Grr! 'Kainis talaga.*

"Hindi na lang ako sasali sa cotillion, Miss Kylie," aniya sabay alis. Nagngingitngit ang kanyang kalooban. Pakiramdam niya, everything was already spoiled. Kung hindi lang siya malilintikan sa daddy niya ay iiwan na niya ang sariling party.

"That can't be! Wait for me here and I will look for your possible partner." Iniwan siya nito at patakbong umalis.

She had to cool down while waiting for Miss Kylie's return. She had to keep her fingers crossed hoping na may solusyon ito sa major problem niya. Bakit ba naman wala pa si Harold? Humingi siya ng drink sa waiter na napadaan at mabilis naman siyang binigyan nito ng iced tea.

Hindi pa nauubos ang inumin nang marinig niya ang tawag ni Kylie. "Ginny…"

Nilingon niya ito na puno ng excitement, pero agad naglaho iyon nang makilala ang gusto nitong i-partner sa kanya:  si Yuan?

"No, Miss Kylie! I won't allow you to do this to me. Not him." Inirapan niya ang lalaki.

"Hoy, Ginny Pot-Pot! Akala mo ba gusto kitang maging partner? Pinakiusapan lang ako ni Tita Kylie na maging escort mo," nang-aasar na sabi ni Yuan. Naka-tuxedo ito tulad ng suot ng mga kasali sa cotillion.

"Not you! Over my dead body," naniningkit sa inis niyang singhal.

Never. Hinding-hindi siya papayag na maging escort si Yuan kahit ito na lang ang lalaking available sa mga oras na iyon. Mas gugustuhin pa niyang hindi na lang siya sumali sa cotillion.

Hinding-hindi niya mapapayagan iyon. She hated Yuan. Mula nang makilala niya ito at maging kapit-bahay noong ten years old siya ay nagdeklara na siya ng war sa pagitan nila. Si Yuan ang dahilan kung bakit nawala ang pet dog niyang si Peachy. Si Yuan ang dahilan ng pagkadulas niya sa school corridor na nakita ng kanyang mga schoolmates. Si Yuan ang dahilan kung bakit muntik na siyang hindi maka-graduate ng high school dahil sa pagsabog na nangyari sa biology lab nila… at marami pang dahilan kung bakit idineklara niyang kaaway ito since then until forever.

"Why not Yuan? He is a good dancer and he knows the steps. Look, your cousin Trina won't

make it so Yuan, her partner, will be a good partner to you," paliwanag ng events coordinator.

"Hindi talaga puwede, Miss Kylie. Baka masabotage lang ang party ko. In the first place, I really don't like him to be a part of my cotillion. Si Mommy lang ang nagpumilit na isali siya dahil magkaibigan sila ni Tita Adelle." Tinitigan niya nang matalim ang binata. "In case you forgot, Yuan, we're not friends and I hate you, so back-off."

"Fine," tugon ni Yuan. "I'm sorry, Tita Kylie." Umalis na ito.

"I'm sorry, Miss Kylie. Kahit sino, huwag lang si Yuan." Umalis na siya.

Natapos ang cotillion nang hindi siya kasali. Ang dapat na last dance niya sa 18 roses na si Harold ay napalitan ng pinsang si Gerald. Pinagbulungan tuloy siya ng mga pinsan na in-indian siya ng escort niya. Ang masakit pa, may dagdag pa ang kuwento ng mga ito. She never saw Yuan after their confrontation.

Walang kagana-ganang sumalampak si Ginny sa sofa sa salas nang matapos ang eighteen roses dance. Nadatnan siya ng pinsang si Elaine na nakapangalumbaba. Mas matanda siya nang dalawang taon dito. Suot nito ay isang lavender

gown na halos kapareho ng tabas ng damit niya.

Napasimangot pa siya lalo. Pati ba naman style ng damit niya ay na-clone pa on her special night.

"Nand'yan ka lang pala. Hinahanap ka na sa labas. Magsisimula na raw ang eighteen candles ceremony." Tinabihan siya nito. "Bakit ba sambakol ang mukha mo? Di ba dapat all smiles ka ngayon dahil dream come true itong bonggang debut party mo?"

"Paano ba naman ako masisiyahan? Iyong escort ko hindi dumating. Muntik pang maging si Yuan ang partner ko. Siguradong talk of the century na naman ng pamilya Chan ang party na ito."

"Nagpasabi na ba si Harold kung bakit out of sight siya?"

Napahalukipkip si Ginny. "Hindi. Lagot sa akin ang lalaking iyon. Remember this, beginning tonight, break na kami."

Nanlaki ang mga mata ni Elaine sa tinuran niya. "As in kayo talaga ni Harold?"

"Naniniwala ka?" Napakunot-noo siya nang tingnan ang reaction nito.

"Oo."

Bahagya siyang natawa. Sa lahat ng pinsan niya, ito ang pinakamadaling pasakayin.

“Guess what?” muling pasakalye niya.

“Ano?” Lumaki na naman ang tsinitang mata nito na para bang may explosive news siyang ibubulgar.

“Hindi ibinigay ni Mommy ang birthday gift kong car. Instead, she gave me that antique bowl.”

Napahawak ito sa dibdib sa sobrang excitement. “Really! Ang suwerte mo naman. Siguradong bright na ang future mo. Kakainggit ka.”

“Are you out of your mind? Mas mahalaga ang kotse  kaysa sa mangkok!”

Tinapik siya nito sa braso. “Hello! If not for Master Chen, hindi uunlad ang angkan natin. Marami ang nagtangkang kumuha ng bowl na iyan sa Yong Chi Cave, pero si Master Chen lang ang pinalad. Hindi lang basta suwerte iyon, destiny ang tawag doon.”

“Kung hindi ba naman tanga si Master Chen—”

“Watch your language, birthday girl. Baka malagot ka sa mga kamag-anak natin kapag may nakarinig sa sinabi mo. Binabastos mo na siya, ano ka ba!” saway ni Elaine.

Hininaan niya nang kaunti ang pitch ng boses. Natakot din siyang mapagalitan sa araw na iyon. “If he wasn’t a fool, he should have taken the gold bars instead. Baka mas mayaman pa tayo ngayon.”

“Kung iyong ginto ang kinuha niya, baka hindi na siya nakalabas ng cave at hindi na niya naibigay kay Limo Shao ang bowl. Hindi rin na-unlock iyong suwerte ng bowl, di ba? That’s according to the story that’s been passed on from generation to generation.”

Umirap si Ginny dahil sa kaimbiyernahan sa topic na iyon. “Ewan ko sa iyo. Let’s go na. Iyong eighteen candles na lang ang pagtuunan natin ng pansin. Baka mag-iba ang mood ko.” Bumalik na sila ni Elaine sa party.

# 2

*Five Years Later…*

Na-delay ang flight ni Ginny mula New York pabalik ng Pilipinas. Sobrang na-enjoy niya ang trip doon. Kung puwede nga lang na doon na siya manirahan, hindi na siya uuwi. Isang buwan siyang nanatili sa 'Big Apple' para sa shooting ng bago niyang pelikula.

Sikat na sikat na si Ginny. Isa siya sa mga itinuturing na pinaka-bankable stars ng kasalukuyan. Habang sakay ng taxi pauwi sa condominium unit niya sa Makati, nagbalik sa alaala niya kung paano nagsimula ang kanyang career. Isang talent scout ang nakapansin sa kanya habang gumigimik silang magkakaibigan sa isang bar. Binigyan siya nito ng calling card at sinabihang mag-audition para maging image model ng isang bagong bukas na clothing line.

Kaga-graduate pa lang niya noon sa kolehiyo at hindi pa siya sigurado kung nais na niyang gamitin ang pinag-aralan sa course na Business Management sa kanilang kompanya.

Siya ang pinalad na mapili sa audition. Mula

nang lumabas ang larawan niya sa mga magazines, newspapers at billboards ay nagkasunud-sunod na ang mga projects niya. Pati ang pag-aartista ay pinasok niya na rin.

Sinuwerte talaga siya. Malaking tulong din ang apelyido niyang Chan kung kaya nakuha niya kaagad ang respeto sa industriya.

Humingi siya ng ilang araw na bakasyon sa manager niyang si Ms. Malou Regalado. Pagkatapos ng kanyang bakasyon ay magsisimula na siya sa taping ng kanyang bagong tele-drama.

Huminto ang taxi sa lobby ng *Condo First*. Binayaran niya ang driver. Nagpatulong siyang maibaba ang dalawang malaking maleta. Isang bellboy naman ang agad na sumalubong sa kanya.

Kilala na siya roon kaya lagi siyang may special treatment sa mga staff ng condo. Bukod kasi sa malaki siyang magbigay ng tip, sino ba naman ang hindi makakakilala sa sikat na tulad niya na kaliwa't kanan ang billboards sa buong Pilipinas?

Dumerecho siya sa elevator. Sa tenth floor pa ang unit na inookupahan niya. Napasandal siya sa pader ng elevator habang paakyat. Pagod na pagod siya. Bukas na lang siya dadaan sa bahay nila sa

*Forbes*.

Pinagbakasyon muna niya ang alalay na si Rina sa probinsya nito sa Cagayan de Oro kaya solo muna siya ngayon. Nag-transfer flight na nga ito kanina.

Gusto niya munang mapag-isa habang nagpapahinga. Ayaw niyang may nagbabawal o nangungulit ng mga schedule at appointments niya. Kaya naman niyang alagaan ang sarili. Besides, nasa unit pa naman niya ang ipinadalang kasambahay ng mommy niya galing *Forbes*.

Nakaabot na sa tenth floor ang elevator. Bumukas ang pinto at lumabas siya kasunod ang bellboy. Doon pa sa may gawing dulo ang unit niya. Isinilid niya ang susi sa pintuan at agad namang nabuksan iyon. Pinihit niya ang susing nakasuksok sa double lock at itinulak ang pinto.

"Surprise!" Bumulaga sa kanya ang mga kaibigan at katrabaho na naroon para sorpresahin siya sa kanyang twenty-third birthday. Bukas pa actually ang kaarawan niya. Kaya hindi niya inaasahan ang sorpresang ito.

"Welcome back, Ginny," salubong ni Jasmin kasabay ng mahigpit na yakap.

Hindi mapuknat ang ngiti sa mukha niya. "Oh,

my God! I'm speechless."

Pasasalamat ang ipinagkaloob niya sa bawat taong bumabati sa kanya. Mga pinsan niya ang naroon. Sigurado siyang si Jasmin ang may pakana nito. Kaya pala kinuha nito ang duplicate key niya bago siya umalis ay dahil may binabalak ito.

"Happy birthday, cousin." Si Elaine naman ang yumakap sa kanya. "Nagustuhan mo ba ang surprise namin? Pero sana di mo nakalimutan iyon gpasalubong mo sa akin."

Lalo siyang natawa. Naglambing kasi ito ng mga signature pants bago siya umalis. "Siyempre naman, hindi ko nakalimutan iyon."

Hanggang tainga ang ngiti nito nang kumalas sa pagkakayakap. Nang matapos ang batian saka pa lang niya napansin ang bagong ayos ng unit. Isang malaking banner na may nakasulat na 'Happy Birthday' ang nakasabit sa dibisyon ng salas at komedor. Ang dining table ay umaapaw sa iba't ibang putahe na malamang ay pinaluto ni Jasmin sa tita nito. Knowing her friend's skill sa kusina siguradong hindi ito mag-aaksaya ng panahong magluto.

Nang matapos makipagbatian ay kumuha na siya ng pagkain. Doon siya makiki-umpok sa puwesto

nina Jasmin. Siguradong mahabang kwentuhan na naman ito. Papunta na siya doon nang makarinig ng malakas na kalabog. Nakuha nito ang atensyon ng iba pang mga bisita. Iisa ang direksyon na tinitingnan ng mga ito. Nakitingin na rin siya at natambad sa kanya ang cabinet niyang malapit sa dibisyon ng kusina at dining area. Nakabukas ang pinto niyon. Nagkalat sa sahig ang laman nito.

Sumunod niyang nakita ang ang isang lalaking nakaitim na leather jacket. Bumabangon na ito mula sa pagkakadulas at kakamut-kamot sa ulo. Ito siguro ang salarin kaya makalat.

Ibinaba ni Ginny ang hawak na pinggan at pinuntahan ang lalaking may kasalanan. Tinulungan niya itong makabangon.

"I'm sorry. Madulas iyong sahig kaya…." Natigilan ang lalaki.

"Ikaw!" Her brain cells were alerted. It immediately reminded her of war. "Yuan, ano'ng ginagawa mo dito? Are you invited? Jasmin, why did you invite him?"

"I'm sorry, Ginny. Wala kasing mapakiusapan si Tita Belinda na magdala ng cake dito sa unit mo. I don't know the reason, pero siya ang sinabi ng

mommy mo na magde-deliver ng cake.”

Napatingin siya sa kalat. Karamihan sa mga nalaglag ay mga CD at DVD collections niya. Naroon din ang ilan sa angel figurine collections niya na sinamang-palad na mabasag ang ilan. Parang nanikip ang dibdib niya nang makita ang favorite angel niya na nawalan ng pakpak. Her heart broke. Of all people, bakit si Yuan na naman ang cause of embarrassment niya? She did not want to argue anymore. She was too tired.

After her debut party, ngayon lang sila ulit nagkita ni Yuan. And again, ang insidente ay dumagdag lang sa mahabang listahan ng mga atraso nito sa kanya.

“Pakilinis na lang ng kalat, Jasmin. I’m sorry, magpapahinga na ako.”

“Yuan, okay ka lang ba?” narinig niyang tanong ni Jasmin. Tumulong ito sa pagpulot ng mga kalat.

“Ginny look!” Umalingawngaw ang boses ni Elaine sa kabuuan ng unit. “Iyong heirloom bowl, nabasag!”

Hindi niya agad napansin iyon kanina dahil iyong mga angel collections ang pinagsisintir niya.

Pero totoo nga! Ang kawawang mangkok ay

nahati sa dalawa. Lagot siya sa mommy niya. Bigla tuloy siyang natakot at nahiya sa sermon na aabutin niya.

"Ginny, baka malasin ka! Alam mo ba ang sumpa kapag nabasagan ng heirloom bowl?" nag-aalalang bulong ni Elaine nang lapitan siya nito.

Pinulot niya ang bowl at dinala sa silid niya. Sinundan siya ng pinsan doon. "Huwag naman sanang mangyari, pero matindi raw ang bad luck na dadanasin ng tagapag-ingat ng bowl," hindi pa rin tumitigil sa kale-lecture na ani Elaine. Isinara nito ang pinto pagkapasok sa room niya.

Nagpabalik-balik si Ginny sa silid. Naikot na yata niya ang apat na sulok nito sa sobrang tensyon. Isa-isa niyang binuksan ang bawat drawer na makita. Pakiramdam niya ay may hinahanap siya, pero hindi niya matukoy kung ano iyon.

"Ano na ang gagawin mo ngayon?" Naupo ang pinsan sa kama nang mapagod sa kasusunod sa kanya.

Huling drawer na iyong binuksan niya. Sa wakas natagpuan din niya ang hinahanap. Ang *Mighty Bond* sealer. Nilagyan niya ng pandikit ang magkabilang bahagi ng nabasag na bowl at pinagdikit ito.

"You know that won't work. Kahit pa magdikit iyan, hindi mo pa rin maitatago ang cracks niyan," ani Elaine.

"Will you please shut up!" nakukulitang saway niya rito.

Hindi naman siya naniniwala sa bad luck na sinasabi nito. Kahit pa ang mga kamalasang inililitanya nito kanina pa ay hindi niya inaalala. Mas nangangamba siya sa galit ng mommy niya dahil hindi niya iningatan ang pamana ng angkan sa kanya.

Kung naging maingat lang siya at itinago iyon sa isang lugar na hindi maaaring magalaw ay hindi sana ito nabasag.

"Naalala ko na! May nabanggit si Mommy sa akin noon na may pangontra para hindi mo makuha ang bad luck. But I can't remember it now. Don't worry, I will ask my mom about it and I will tell you right away. Susubukan kong tawagan siya sa Australia ngayon. D'yan ka muna." Nagmamadali itong lumabas ng silid.

"Elaine, wait—" Napahinto ito sa akmang pagbukas ng pinto at nilingon ang direksyon niya. "Kung puwede sana, huwag mong sabihin na nabasag

ang heirloom bowl sa mommy mo at sa mommy ko. Please? Hindi pa dapat malaman ni Mommy. Ako na lang ang magsasabi sa kanya."

Nakakaunawang tinanguan siya nito bago lumabas ng kuwarto.

Pasalampak na nahiga si Ginny sa kama. Bigla niyang naramdaman ang pagod at ang pag-atake ng migraine. Ano na lang ang sasabihin niya sa ina? Nakatulugan na niya ang pag-iisip. Hindi na niya nilabas pa ang mga bisita.

# 3

Makaraan ang ilang araw na bakasyon ni Ginny sa isang secluded island sa Boracay, nag-report kaagad siya sa opisina ng ahensya para ayusin ang schedule at i-confirm ang projects niya.

Nagbasa siya ng mga fashion magazines sa private office ng manager at handler niyang si Ms. Malou habang hinihintay ito.

Fully recharged na siya pagkatapos magbakasyon. Handang-handa na siyang sumabak sa trabaho. Excited na rin siyang mag-taping. Hindi pa niya binanggit sa ina ang tungkol sa pagkabasag ng heirloom bowl. Wala pa siyang lakas ng loob na harapin ang mga consequences at sermon nito. Laking pasasalamat niya kay Elaine dahil hindi nito sinabi sa mommy niya ang tungkol doon. Ito rin ang nakiusap sa iba pa niyang pinsan na naroon sa party na ilihim muna kay Mrs. Chan ang tungkol sa insidente.

"Ginny, ready to work ka na ba?" bati sa kanya ni Veronica na assistant ni Miss Malou. Kapapasok lang nito sa opisina ng ginang nang itaas niya ang kanyang paningin mula sa binabasang magazine.

May iniwanan itong mga papeles sa mesa.

“Very much ready na ako.” Isinara muna niya ang binabasa.

“Wala ka bang naamoy na balita ngayon?” Kakaiba ang expression ng mukha ni Veronica sa paraan ng pagkakatanong nito.

“Wala naman,” naiintrigang sagot niya. “May bago ba?” Lumabas ang pagkatsismosa niya.

Nilapitan siya nito at hinawakan ang mga kamay niya. “Basta tandaan mo, Ginny, I’m always on your side. Hindi ako naniniwala sa mga balita.”

“Ha?” Napakunot-noo siya. “Ano ba’ng sinasabi mo? Hindi kita maintindihan.”

“Anuman ang mangyari o sabihin sa iyo ni Miss Malou, tatagan mo ang iyong kalooban.”

Tinawanan niya ito. Si Veron talaga, mahilig magbiro. “Huwag mo nga akong i-good time. Kumita na iyang acting na iyan,” aniya.

Bumukas muli ang pinto ng private office. Dumating na pala ang kanyang manager. “Kamusta ang bakasyon?” bati nito sa kanya.

“Great! I feel much better now and so ready to

go back to work," masiglang sagot niya.

"Veron, iwan mo muna kami ni Ginny," baling nito sa assistant. Biglang sumeryoso ang mukha ng forty-year-old niyang handler na aakalain mong nasa late twenties lang sa unang tingin. Fashionista kasi ito at suki ng mga face and skin care clinics. Inilapag nito sa mesa ang dalang bag at naupo sa tabi niya sa sofa. Wala pa ring kangiti-ngiti ang mukha nito—which was unusual. 'Miss Tawa' nga ang bansag niya rito.

"May sakit ka ba, Tita Malou?" nag-aalalang tanong niya.

"Wala naman. I'm fine," sagot nito bago nagpakawala ng isang malalim na buntong-hininga. She reached for Ginny's hand which was resting on her lap. "May pag-uusapan tayong importante. Gusto ko maging honest ka sa akin."

Ginitlan ng butil-butil na pawis ang likod niya. Normal sa kanya iyon kapag natetensyon. Sa tono ng boses ng manager, iisa lang ang ipinahihiwatig nito: Trouble.

"Mukhang mabigat yata ang sasabihin mo, Tita. Kinakabahan tuloy ako."

"This is a serious matter, Ginny." Sandali itong

huminto sa pagsasalita na para bang naghahanap ng tamang timing kung puwede na nitong ibagsak ang bomba. “Shelved lahat ng projects mo.”

“Ha?” Nabitiwan ni Ginny ang kamay nitong nakahawak sa palad niya. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Iyong bagong soap opera, kay Jelaine na mapupunta. Iyong ibang under negotiation pa lang ay ipapa-hold muna. Except doon sa mga naunang commitments na bayad na.”

“How come napunta kay Jelaine ang project? Tita Malou, it’s mine. Matagal na akong naghanda para d’yan. Paanong napunta pa iyon sa iba?”

“Calm down, Ginny. I’ll explain it to you.”

Napasandal siya para kalmahin ang sarili. Huminga pa siya nang malalim dahil pakiramdam niya ay nauubusan siya ng hangin.

“After your New York project, there were news that circulated that you were hooked on drugs, may affair ka raw sa leading man mong may asawa at may sex video ka na kumakalat sa Internet.”

Sunud-sunod ang iling niya. “That’s not true!” Napadilat pa ang mga mata niya.

"May nagsabing taga-production that you barely walked well after the fashion show at halos akayin ka na nga daw ng mga staff pabalik sa hotel because you're high."

"That's absurd," naiiling pa rin na saad ni Ginny. Natatandaan niyang sumama ang kanyang pakiramdam after the event dahil sa ilang araw na hindi pagkain nang tama because of her diet. Nagpahatid siya sa mga staff para magpakuha ng taxi.

Her whole body was trembling. She could not believe that this was happening. "I was really sick. You know me, Tita, clean living ako. Never kong sinubukan ang kahit anong klaseng drugs. Sigarilyo nga, hindi ko tinikman." Gusto niyang sumabog dahil sa mga kasinungalingang narinig.

"I believe you, Ginny. But there were witnesses na nakita kang kasama ang mga foreign models na sina Amparo Velucci at Megan Filotee."

"Yes, I remember them. They are my friends and cast din sila sa movie."

"Don't you know what happened to them? They were sent to rehabilitation center a week ago. Lahat ng na-associate sa dalawa ay pinaghihinalaang drug

dependent. Sad to say, kasama ka doon, Ginny," dismayadong sabi nito.

She remembered these two models. They were nice to her. In fact, sila ang mga unang naging kaibigan niya roon. They went out once to dine in an expensive restaurant in New York after their shooting. Iyon lang ang natatandaan niyang pagkakataon na nakasama niya ang dalawa. They were friendly and sophisticated. It never occurred in her mind that they were drug users.

She was really devastated. Matagal niyang inalagaan ang kanyang pangalan. Hindi siya makakapayag na ang pagkadawit sa dalawang modelong iyon ang sisira pala sa reputasyon niya.

Marami pang sinabi si Miss Malou, pero hindi na niya naintindihan. Kung susumahin ang lahat ng magiging epekto ng pangyayaring ito, malamang na ito na ang katapusan ng career niya. Hindi niya kayang tanggapin iyon. Marami pa siyang plano sa buhay.

Her eyes were now filled with tears. "What are we going to do, Tita? I don't want to lose everything."

Kumilos ang nakatatandang babae para yakapin siya. Sa mga balikat nito, inilabas niya ang takot sa

mga maaaring mangyari, at ang awa sa sarili.

“Kagabi ko pa ito pinag-isipan, Ginny. Magpapa-presscon tayo para i-clear ang pangalan mo. Ako na ang bahala sa lahat. Ang mabuti pa ay umuwi ka muna. Magpahinga ka. Pamper yourself. Be beautiful. Para pagsapit ng presscon next week, you’ll be fresh and recharged. This is the best solution I can think of for now para ma-assure ang mga sponsors at product endorsements mo,” alo nito habang hinahagod ang likod niya.

Tama si Tita Malou. In that presscon, she would be able to defend herself. But she would not be caught sitting at home waiting for her vindication. She would find a way to clear her name and reputation.

Sinunod niya ang payo ng handler na umuwi muna. In-assure siya nitong ito na ang bahala sa lahat.

PAGKAGALING sa opisina ni Miss Malou ay agad na umuwi siya sa bahay nila sa *Forbes*. Hihingi siya ng tulong sa mga magulang, ukol sa kanyang problema. Siguradong hindi siya tatanggihan ng mga ito.

Nasa library raw ang daddy niya ayon kay Aling

Tasing na mayordoma nila kaya roon na siya tumuloy. Wala ang daddy niya sa loob nang buksan niya ang pinto ng silid. Dumerecho siya sa executive chair nito na paborito niyang upuan kapag nasa library siya at sa mansion pa siya nakatira. Inilapat niya ang nananakit na likod sa swivel chair. Napatingin siya sa kanyang portrait na nakasabit sa malapit na pader. It was a picture of her dancing with her dad on her eighteenth birthday party. She was so young then. So fragile. Too innocent.

During that time, iyong escort lang niya na hindi sumipot sa party at ang naunsyaming birthday gift na kotse ang pinoproblema niya. Pero ngayon, pakiramdam niya ay pasan niya ang problema ng buong Pilipinas.

Namasa muli ang mga mata ni Ginny. Namugto na siguro iyon dahil sa ilang beses ding pagluha niya mula pa kanina. Pinigilan niyang maiyak. Baka maabutan pa siya ng ama na nag-iiiyak.

Sa halip na damdamin na naman ang mga problema ay nag-usyoso na lang siya sa table ng ama. Sari-saring folders at mga dokumento ang nakatambak doon. Abalang tao ang daddy niya. Kahit nasa bahay ay negosyo pa rin ang inaasikaso nito.

She paid attention on her dad's laptop resting on top of the table. Mag-che-check na lang kaya siya ng mga e-mails habang naghihintay.

She was about to click the *Internet Explorer* icon when she accidentally opened a spreadsheet file that was minimized on the *Windows* taskbar. Mga numbers at figures ang laman ng document. Isasara na sana niya ito nang makita sa may gawing kaliwa ang title ng report na, 'Profit and Loss Financial Statement for the Year 2008.' Confidential report ito na kalimitan ay may mga mataas na posisyon sa kompanya nilang *Hype Jeans, Inc*. ang nakakabasa.

Naintriga siya kung magkano ang kinikita ng kompanya. Isa lang ang *Hype Jeans, Inc.* sa chain of businesses ng pamilya Chan. Mayroon din silang real estate, insurance at chain of restaurants. Pero ang *Hype Jeans* ang pinakamalaki nilang negosyo. Gumagawa sila ng mga jeans at ine-export sa ibang bansa.

Business management ang course ni Ginny at pamilyar siya sa klase ng dokumentong nakabukas sa laptop. Binalikan niya muli ang mga figures. The first part was quite satisfying but upon scrolling the entire document down to its grand total, negative ang result nito. If she were to analyze the entire

document, mas lamang ang expenses kaysa sa income kaya naging negative ang resulta.

May isang document pa siyang nabuksan. 'Cash Flow Statement' ang title nito at negative din ang mga resulta. The facts were all stated and there was no doubt that *Hype Jeans* was suffering a financial crisis. Knowing his father, siguradong makakagawa ito ng paraan para maibangon ang kompanya. Ito siguro ang dahilan kung bakit nagbababad na naman ito sa library.

Malapit na ba silang maghirap? Ano ba naman ito? Hindi pa nga lumilipas ang beinte cuatro oras ay dalawang masamang balita na kaagad ang dumating sa kanya.

Sigurado siyang hindi iyon sasabihin ng ama sa kanila ng mommy niya. Sinasarili nito ang mga problema lalo na pagdating sa negosyo.

"Ginny! What are you doing here?" masiglang bati ni Mr. Stephen Chan. Naroon ito sa tapat ng pintuan.

"Dad! I'm waiting for you." Tumayo siya at sinalubong ng yakap ang ama. She has always been a daddy's girl. No doubt about that. Only child kasi siya. She adored her father very much.

"Nadadalas yata ang pagbisita mo sa amin. Dito ka na kaya tumira ulit." Naglakad sila patungo sa swivel chair nito. Doon naman siya sa kalapit na sofa naupo. Nagdadalawang-isip siya kung sasabihin pa ang totoong pakay niya. Matapos mabasa ang mga financial statement reports ay parang gusto na lang niyang sarilinin ang problema ukol sa career.

"Wala, Dad. Dumalaw lang ako. Nami-miss ko kayo ni Mommy," pagsisinungaling niya.

"Ows?" nagdududang tanong nito. Her father knew her very well. "Come on. Nakasalubong ko si Aling Tasing kanina habang pabalik ako dito at sinabi niyang hinahanap mo raw ako. That's why I was expecting you here."

Napailing na lang si Ginny. Hindi talaga siya makakapagsinungaling sa tatay niya. "Oh, Dad! I know this is a wrong time. But you're the only person who can help me at this time."

"Ano ba iyon, anak? May gusto ka bang ipabili? Mag-aasawa ka na siguro?"

"Dad! You know I don't have a boyfriend."

Sandaling nag-isip ito. "Don't tell me buntis ka at magkakaapo na kami?"

Sa ibang pagkakataon, baka natawa na siya. “Good girl po ako. Pero wala doon ang gusto kong ihingi ng tulong sa inyo.” Huminga muna siya nang malalim. “I’m in trouble, Dad.” Ito ang unang pagkakataon na nagsalita siya nang ganito sa ama kaya ganoon na lang ang pagkatitig nito sa kanya. Para bang hindi makapaniwala na binitiwan niya ang mga salitang iyon.

“Are you serious?” kunot-noong balik-tanong nito.

“Yes, Dad. Please help me. Nasabit ang pangalan ko sa isang drug issue sa New York, may scandal rin daw ako sa Internet. Tita Malou informed me earlier. Any moment ay baka kumalat ang balita sa press at malaking problema ito. Dad, I swear I’m not on drugs and I have no idea doon sa Internet scandal,” nanghihinang sabi niya.

Nilapitan siya ng ama. “Mayroon bang may galit sa iyo? May nakaaway ka ba?”

“Wala akong alam, Dad. What’s worrying me is that baka masira ang career ko, ang pangalan ko. I worked hard on this. Marami na akong isinakripisyo ’tapos ganoon na lang. I want to know kung sino ang nagkalat ng balitang ito. Wala po akong ginagawang masama.” Tuluyan na siyang napahagulhol.

"It's okay, baby. Hindi mangyayari ang sinasabi mo. Gagawa ako ng paraan para ma-trace iyan. Magbabayad ang sinumang may kagagawan nito," anito habang hinahagod ang likod niya.

"Thanks, Dad."

Kumalas ito sa pagkakayakap sa kanya. Pinahid nito ang luha niya at inayos ang mga hibla ng buhok niyang nagulo. "Don't worry about it. If things get any better, by tomorrow may resulta na ito. Why don't you go to your room. Fix yourself. Magpahinga ka muna. You look horrible. Cheer up! Daddy will take care of this."

Bahagya siyang ngumiti. "Thank you ulit, Dad." Sinundan niya ng tingin ang ama habang pabalik ito sa mesa. Napadako na naman ang mata niya sa laptop nito. Bigla niyang naalala ang mga financial reports. "I'm sorry Dad for giving troubles like this."

"It's okay. That's why parents are here. It's our job to our kids. To always be there no matter what."

"Pero, Dad... May nabasa ako sa laptop mo. Accidentally, na-open ko iyong mga financial reports ng *Hype*. May problema ba tayo sa kompanya?" kalmado na ang kalooban na tanong niya.

Kumunot ang noo nito. "Walang problema

ang *Hype*. Everything is perfectly all right. It's my business and I can take care of this," nakangiti pang turan nito.

Nagsisinungaling ito. May nakita siyang bahid ng pag-aalala sa mga mata ng ginoo. Alam niyang hindi ito magtatapat sa kanila. Pansamantala, hindi muna siya kokontra.

"Okay, Dad. Magaling ka naman sa negosyo. I know you can take care of it." Hinalikan pa niya ang ama sa pisngi bago lumabas ng library.

Nakaramdam siya ng uhaw kaya tumuloy muna siya sa kusina. Naabutan niya roon ang kadarating pa lang na ina. "Mommy! Nariyan ka na pala." Humalik siya sa pisngi nito. Nagbukas ito ng ref kaya sumingit siya para kumuha ng isang bote ng mineral water.

"Tamang-tama ang pagdalaw mo, Ginny. Tatawagan sana kita."

Lumagok muna siya ng tubig sa bote. "Bakit naman po?"

"Your Tito Benedict passed away," malungkot na balita nito.

Napahigpit ang hawak niya sa bote. Pinsang-

buo ito ng mommy niya. Malapit ang pamilya nila sa mga Cho. "Kailan pa, 'My?" Her knees were shaking.

"Kaninang umaga daw. It's a heart attack."

"Kumusta naman po si Tita Ayen?"

"According to your Tita Aida, she was hysterical. Binigyan nga muna daw ng pampakalma. We better go to them. Kaya nga napadali ang meeting namin, natuliro na ako kanina nang tumawag sa akin si Aida. Is your Dad here?"

"Yes, 'My. Nasa library siya."

"I will tell your dad about it. Pero maghanda ka na. We'll be leaving in an hour." Iniwan na siya nito sa kusina.

Siguradong dadamdamin ng daddy niya ang pagkamatay ng pinsan. Close ang dalawang ito at mag-business partner pa sa real estate. There was another reason to be sad again.

Three birds in one stone. Pangatlong bad news na niya itong natanggap sa araw na iyon. Tahimik siyang umusal ng panalangin na wala na sanang sumunod pa. Baka hindi na niya kayanin kung sakali…

# 4

Sa *Funeraria Paz* sa Araneta Avenue nakaburol ang Tito Benedict ni Ginny. Sinilip nilang mag-ina ang labi nito na mistulang natutulog lamang. Katulad ng nakagawian, maraming regalo, bulaklak at pagkain sa harapan ng kabaong nito.

Nahabag siya sa kanyang Tita Ayen, ang biyuda ni Benedict. Nakatulala ito sa isang tabi na para bang walang nakikilala. Ang mga anak naman nito na sina Alex at Catherine na mga propesyonal na ay hindi pa rin makapaniwala sa sinapit ng ama.

Nagpahangin muna siya sa labas. Masyadong mabigat ang damdamin ng mga tao sa loob at hindi na niya iyon matagalan. Baka pati siya ay mag-breakdown habang naiisip ang kanyang mga problema. Doon siya nanatili sa may pasimano kung saan tanaw niya ang kalsada ng Araneta Avenue.

"Salamat naman at na-corner din kita dito."

Si Elaine ang nagsalita, nalaman niya nang lingunin niya. "Ikaw pala." Matamlay na nginitian niya ito. "Bakit naman?"

Tinabihan siya nito at patalikod na sumandal sa

pasimano. "Alam na ba ni Tita Belinda ang nangyari sa heirloom bowl?"

Isa pa nga palang problema iyon. Wala pang alam ang mommy niya tungkol doon.

"Kababalik lang ni Mommy kahapon kaya kanina ko lang naitanong ang pangontra," sabi ng pinsan.

*Hay, naku!* Heto na naman si Elaine sa mga superstitious beliefs nito.

"S'abi ni Mommy, kung sakali nga na mabasag ang bowl, kailangang maialay sa libingan ni Master Chen ang pira-pirasong bowl. But according to our elders, walang libingan si Master Chen dahil sinunog daw ang bangkay nito at isinabog sa Beijing, China. Specifically, doon sa kinatatayuan ng Temple of Heaven sa Tiantan Park."

"So kailangan ko palang pumunta sa Beijing at ialay ang dalawang pirasong bowl." Sinakyan na lang niya ang mga kalokohan ni Elaine.

Hinawakan nito ang kamay niya. "Pinsan, nag-aalala ako sa iyo at sa pamilya natin. Sana seryosohin mo ito. Ayokong mag-suffer ang pamilya Chan sa maaaring idulot nito. Alam kong wala kang bilib sa kapangyarihan ng bowl. Wala namang masama kung susunod tayo sa tradisyon. Wala namang

mawawala, di ba?"

Bigla siyang kinabahan. Sa araw pa lang na ito tatlong masamang balita agad ang dumating. May kaugnayan kaya iyon sa pagkabasag ng heirloom bowl? Pero last week pa ito nabasag at wala namang masamang nangyari sa kanya until today. Nakapag-Boracay pa nga siyang mag-isa. Kung totoo mang may sumpa ang bowl bakit hindi kaagad iyon umepekto? Kunsabagay, bakit nga ba hindi niya subukan?

"Totoo ba iyang sinasabi mo, Elaine?" Tinitigan niya ito.

"Wala akong patunay na maihaharap sa iyo. Katulad nga ng sinabi ko kanina, wala namang mawawala sa atin kung susunod tayo, di ba?"

May punto ang pinsan. "Hayaan mo, ipapaayos ko agad ang biyahe ko papuntang Beijing."

"Hindi ganoon kasimple, Ginny. Kailangan iyong nakabasag ang magdadala sa templo, kasama ka."

Pumasok sa isip niya si Yuan. "No way, Elaine."

"Why not? He is the only one who can help you. Within this month, kailangang madala n'yo iyon doon. May two weeks pang natitira. Sana ma-convince mo si Yuan na sumama," hopeful na sabi

ni Elaine.

"Why him? Bakit lagi na lang siya ang dahilan ng mga problema ko?" She sighed. Napamasahe siya sa kanyang sentido. Mukhang aatake na naman ang migraine niya.

KAY TITA ADEL niya mismo nakuha ang address ni Yuan. Dumaan muna siya noong araw na iyon sa bahay nila saka tumawid sa kabila. Sa *Forest Hills Condominium* sa Greenhills daw nakatira si Yuan. Idinahilan na lang niya na may kailangan siyang kuning gamit sa binata na matagal na nitong hiniram at hindi na sinoli sa kanya kaya papupuntahin na lang niya roon ang personal assistant para kunin ang gamit. Nag-promise pa ito na tatawagan ang anak para sabihing huwag aalis kinabukasan dahil may pupunta sa unit nito.

Nagpasama siya kay Jasmin sa *Forest Hills*. She wore a very dark eyewear para hindi siya makilala ng mga tao.

Sumakay sila ng elevator paakyat sa unit nito. Mabuti na lang wala silang kasabay.

"Okay ka lang ba, Ginny?" untag ni Jasmin.

Kanina pa kasi siya nananahimik mula nang pumasok sila sa building. Hanggang sa mga oras na iyon ay nagdadalawang-isip pa rin siya kung itutuloy ang plano. “Yes, I’m fine.” Nginitian niya ito.

“Huwag kang mag-alala, mabait naman si Yuan. He is kind to us. Ewan ko nga ba kung bakit laging may kamalasan sa gitna ninyo tuwing magkikita kayo. Hindi lang siguro naging maganda ang impression ninyo sa isa’t isa. Given the chance, I think you two will get along well.”

Sa pagkakataong iyon pilit na ang ngiting ibinigay niya sa kasama. They will get along well? Hello! Kailan pa nangyari iyon? As in, major disaster lagi kapag nagkikita sila. She still felt irritated. Up to now, kinukumbinsi pa rin niya ang sarili that everything would be all right as soon as matapos ang kalokohang ito.

She really did not want to do this. But she had no choice. Maisip pa lang niya ang paglubog ng career niya, ang pagkalugi ng negosyo nila at ang eskandalo sa pamilya nila ay nanghihina na siya at parang ito na nga lang ang natitirang option para malusutan niya ang lahat ng iyon.

Sa oras na makarating sila sa unit ni Yuan, dapat kalimutan na niya ang lahat ng atraso nito

sa kanya para sa pabor na hihingin niya. Nasa fifth floor na sila. She felt a little nervous. Sino ba naman ang hindi kakabahan sa favor na hihingin niya? Natatakot siyang ma-reject. Siguradong pauulanan siya ng pang-aasar nito. But she was ready to swallow her pride.

Nasa unit 511 na sila at si Jasmin na ang nag-doorbell. After a little while, the door opened. Nadagdagan ng fifty percent ang bilis ng kabog ng dibdib niya. Ano kaya ang iisipin ni Yuan kapag nasabi na niya ang kailangan niya rito?

Iniluwa ng metal door ang lalaking pakay nila. Mukhang kagigising lang nito. Gulu-gulo pa ang buhok at naka-boxers lang. Sigurado siyang si Yuan iyon dahil sa remarkable dimple sa left cheek nito. Naalala niyang bigla ang hitsura nito nang madulas sa loob ng unit niya.

"Jasmin?" Kumunot ang noo nito. Siguradong nagtataka ito. Bumaling ito sa kanya. Pinakatitigan siya nitong mabuti. After five years, ngayon lang ulit sila nagkita nang harapan. Hindi niya masyadong natitigan ang features nito noong nabasag ang mga gamit niya sa unit niya dahil sa angel figurine collections natuon ang atensyon niya. Matagal na siguro ang five years para sa ceasefire nila.

Within that span of time, maraming pagbabago ang nangyari sa kanila. She was very sure na alam nitong modelo at artista na siya. Sa dami ng mga billboards niya, siguradong alam nito ang transformation niya. Pero siya ay walang idea na ganito na ito ka-hunky ngayon! His face did not change that much aside from the small beard na balak siguro nitong pagyamanin.

"Ginny Pot-Pot!" Nanlaki ang mga singkit nitong mata. "Is that you?"

Tinanggal niya ang suot na eyewear. "Hello, Yuan. Nice to see you in that sexy outfit." Sinadya niya itong tingnan mula ulo hanggang paa para iparamdam dito ang kakatwa nitong suot.

Parang nagtagumpay siya dahil mukhang naalarma ito nang maalalang naka-boxer shorts lang. Pinagsarhan sila nito ng pinto.

"Tingnan mo ang asal niya? Di man lang tayo pinapasok?" reklamo niya.

Ngingiti-ngiti naman si Jasmin. "Ang ganda pala ng katawan ni Yuan. Makalaglag-panty."

"Are you out of your mind, Jasmin? We're here for business kaya huwag kang mag-isip ng kung anu-ano."

“Palibhasa kasi galit ka sa kanya kaya di mo siya ma-appreciate. Alam mo bang crush na crush ko dati iyang neighbor mo? Kaya nga lagi akong dumadalaw sa house n’yo para magpa-charming sa kanya.” Medyo kinikilig pa ito sa pag-alala.

“Wala sigurong guwapo sa paligid mo kaya si Yuan ang pinagtiyagaan mo,” nakaismid na aniya.

Bumukas uli ang pinto. Naka-t-shirt at jogging pants na ang binata. “Come on in…”

Sinundan nila ito papasok ng unit. Kumbinasyon ng beige at black ang interior color ng pad nito. A typical bachelor’s pad.

Pinaupo sila ni Yuan sa nag-iisang sofa malapit sa study table nito. Napansin niyang may ilang baytang ng hagdanan paakyat sa isang floor kung saan naroon ang nagsisilbing kuwarto nito. Mula sa puwesto niya ay kita niya ang pang-isahang kama at cabinet. Kapansin-pansin din ang kabi-kabilang tambak ng gamit nito.

“So what brings you here?” pa-dekuwatrong naupo ito sa kinuhang ergo chair sa study table.

“Cool itong pad mo. Pero medyo magulo yata.” Umiral na naman ang katabilan ni Jasmin habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng unit. Makalat

kasi ang paligid.

"Busy kasi ako ngayon kaya wala akong time maglinis. Pasensya na, pero wala akong food ngayon sa ref. If you want, magpapa-deliver ako."

"Never mind. Busog pa kami ni Jasmin," tanggi ni Ginny. Naramdaman niya ang pagsiko ng pinsan, siguro gutom na ito talaga.

"Coffee or water?" muling alok nito.

"Water will do," aniya.

Jasmin gave her a warning look na sinagot naman niya ng tiger look. Tumayo si Yuan at lumapit sa ref. May dala na itong tatlong bote ng mineral water pagbalik. Jasmin immediately opened the bottle and drank from it.

"So ano'ng pakay n'yo sa pagbisita sa akin?" ani Yuan.

That was her cue. Ginny needed to spill out the beans. "I know, Yuan, that you are surprised to see us here." Lalo siyang kinakabahan sa bawat segundo. "Pero wala na akong choice at kakapalan ko na ang mukha ko. Alam kong we're not in good terms ever since we met at malamang nagtataka ka kung bakit bigla akong lumapit sa iyo…" Nanunuyo ang

lalamunan niya. Parang hindi niya yata masasabi ang pakay.

Mukha namang interesado si Yuan sa mga susunod na sasabihin niya.

"But I have a big favor to ask of you…" Tiningnan muna niya si Jasmin para kumuha ng lakas ng loob. "Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa, kailangang samahan mo ako sa Beijing bago matapos ang Agosto." Napalunok siya matapos sabihin iyon.

"What?" Napakunot ang noo nito.

Nagpatuloy si Ginny. "Since aksidente mong nabasag ang heirloom bowl, kailangang madala mo ito sa Temple of Heaven para ma-break ang sumpa sa pamilya namin."

Nakakalokong ngumiti ito. "Are you serious?"

"Yes I am, Yuan. You know how much I dislike you, pero heto ako ngayon sa harap mo at nakikiusap para samahan ako sa Beijing at nang matapos na ang mga kakatwang nangyayari sa akin at sa family ko."

He seemed puzzled. But then… "Okay, I'll go with you."

Siya naman ang nagulat sa bilis ng pagsang-

ayon nito. “That fast? Walang ibang catch?”

“Are you sure, Yuan?” pagko-confirm ni Jasmin.

“Yes, I am.” He turned to Ginny and smiled sweetly.

*Oh my! What’s wrong with him?* Hindi niya inaasahang ganoon kabilis ang pagpayag nito.

LAKING PASALAMAT ni Ginny na hanggang sa mga oras ng kanyang pagdyi-gym ay pagkatapilok at pagka-ground ng kamay niya kanina habang bino-blower ang buhok ang mga masamang nangyari sa kanya. Ini-on niya ang treadmill at doon naman siya magpapakapagod. Katatapos lang niyang mag-aerobics kaya medyo hinihingal pa siya nang marinig ang beep sa headset ng cellphone na nakasabit sa dibdib niya. May text message na dumating.

*Sorry, Ginny Pot, turns out I can’t go with you to Beijing. Something came up. - Yuan*

“What! That bastard!” bulalas niyang nanggigigil kay Yuan. She could not take it. She immediately called him.

“Sinasabi ko na nga ba, tatawag ka,” sagot agad ni Yuan.

Inihinto muna niya ang treadmill. “You’re not keeping your word.”

“I’m sorry. Bago ko na-realize that bar exam is barely three weeks from now, nakapayag na agad ako sa iyo. Inaantok pa yata ako nang kausapin n’yo kanina.”

“Hindi ka na puwedeng mag-back out. Ipinapaasikaso ko na sa assistant ko ang travel itineraries natin. Here you go again, Yuan.” Disappointment was all clear in her voice.

“This is my future, Ginny. Hindi ko puwedeng pabayaan ang pagre-review ko.”

“Two days lang tayo d’un, Yuan. For Pete’s sake, pagbigyan mo naman ako, makababawas man lang sa dami ng atraso mo sa akin.” Gusto niyang sumigaw sa sobrang inis sa kausap, pero pinigilan niya ang sarili. “Ikaw naman ang may kasalanan kung bakit nabasag ang bowl.”

“Hep, hep, hep! Ako na ngayon ang may kasalanan? Kanina lang nang makiusap ka sa pad ko sinabi mong alam mong hindi ko sinasadya iyon ’tapos ngayon ako na ang may kasalanan?” Tumaas ng isang pitch ang boses nito.

“Yes. I said that because I was trying to persuade

you in a nice way. Sana sinabi mo na agad kanina. Pero wala ka nang dahilan para umurong dahil ikaw lang ang makaka-break ng curse."

"If I really have the time, I would gladly come with you. Pero nang ni-review ko iyong schedule ko two days will make a difference kung hindi masusunod iyon. Pagkatapos na lang ng bar exam."

"In-explain ko na sa iyo na may time limit at after fourteen days lang iyon. I know you hate me, Yuan, pero–"

"I don't hate you, Ginny. What made you think that I do?" putol nito sa sasabihin niya.

"Don't deny it. And don't worry because the feeling is mutual. Ginagawa ko lang ito dahil hopeless na ako. I assure you na pagkatapos ng trip na iyon I will never ever bother you again."

"You're harsh, Ginny. Nakakasakit ka na ng damdamin," sagot agad nito. "That's foul. But still I can't go with you. 'Bye." He hung up.

Hindi na siya nakasagot sa biglang pagputol nito ng linya. Mukhang seryoso nga si Yuan sa hindi pagtulong sa kanya. Ano ang gagawin niya? She would not let all the good things she got just slipped out of her hands. She won't give up.

Totoo nga kayang na-hurt si Yuan sa sinabi niya?